



CVO STYLE NA MGA KIT PARA SA LIKURANG FENDER (TAPALODO)

PANGKALAHATAN

Mga Numero ng Kit

59500245A, 59500246A, 59500470

Mga Modelo

Para sa bagong impormasyon ng sertipikadong model fitment, tingnan ang mga Bahagi at mga Aksesorya na seksyon ng www.harley-davidson.com (Ingles lamang).

Mga Kinakailangan sa Pagkakabit

▲ BABALA

Ang kaligtasan ng nagmamaneho at pasahero ay nakasalalay sa tamang pag-i-install ng kit na ito. Gamitin ang naaangkop na mga pamamaraan sa manwal ng serbisyo. Kung ang pamamaraan ay hindi abot ng iyong kakayahan o wala kang mga angkop na kasangkapan, ipagawa sa isang dealer ng Harley-Davidson ang pag-i-install. Ang maling pag-i-install ng kit na ito ay maaaring magresulta sa kamatayan o malubhang pinsala. (00333b)

TALA

Tumutukoy ang pahina ng tagubilin na ito sa impormasyon tungkol sa manwal ng serbisyo. Ang manwal ng serbisyo para sa taon/modelo na ito ng motorsiklo ay kinakailangan para sa pagkakabit na ito. Mayroong isa na makukuha mula sa dealer ng Harley-Davidson.

- Isang wallpaper seam roller ay kailangan para sa tamang pagkakabit ng lighting harness sa kit na ito.
- Ang tulong ng isang assistant ay makakatulong sa pagtanggali at pagpapalit ng fender.

Ang mga item na ito ay makukuha sa iyong lokal na dealership ng Harley-Davidson.

- **Kit 59500246A:** Ang hiwalay na pagbili ng LED na Stop/Tail/Turn Assembly Kit (Bahagi Blg. 67801090) ay kinakailangan.

Mga Nilalaman ng Kit

Tingnan ang Figure 5 at Talahanayan 1.

PAGHAHANDA

▲ BABALA

Upang maiwasan ang aksidenteng pag-andar ng sasakyan, na maaaring magdulot ng kamatayan o malubhang pinsala, alisin ang pangunahing fuse bago magpatuloy. (00251b)

TALA

- **Mga sasakyang MAY sirenang panseguridad:** Habang nasa malapit ang security fob, i-ON ang switch ng ignisyon. I-disarm ang security system. **AGAD** na alisin ang pangunahing fuse alinsunod sa manwal ng serbisyo.
 - **Mga sasakyang WALANG panseguridad na sirena:** Tingnan ang manwal ng serbisyo para matanggal ang pangunahing fuse.
1. Alisin ang mga saddlebag. Tingnan ang manwal ng serbisyo.
 2. Alisin ang kaliwa at kanang takip. Tingnan ang manwal ng serbisyo.
 3. Alisin ang upuan. Panatilihin ang upuan at ang lahat ng hardware na pang-mount. Tingnan ang manwal ng serbisyo.
 4. Tanggalin ang plaka ng lisensya (kung nakakabit). Itabi para sa pagkakabit mamaya. Ang bracket ng plaka ng lisensya at reflector ay maaaring manatili sa fender.
 5. Tingnan ang manwal ng serbisyo upang tanggalin at i-save ang sumusunod na mga bagay kung mayroon:
 - Tour-Pak[®] luggage rack o Tour-Pak support,
 - Sandalan ng rider,
 - Sandalan ng pasahero,
 - Grab rail, reinforcement plate at mga fastener.
 6. I-release ang presyon ng hangin sa likurang suspensyon. Tingnan ang manwal ng serbisyo.
 7. Idiskonekta ang kanang bahagi na shock absorber hose sa isang dulo.

PAGTANGGAL NG FENDER

TALA

Ang tulong ng isang assistant ay nakakapagpadali sa pagtanggali at paglagay ng fender.

1. Tingnan ang manwal ng serbisyo upang tanggalin ang likurang fender mula sa sasakyan, na may sumusunod na pagbubukod:
 - a. Tail lamp assembly, turn signal bar, likurang fender tip lamp, likurang lighting harness (at **kung mayroon**, likurang fascia at likurang fascia lamp) ay maaaring manatili sa fender.



2. Tingnan ang Figura 1. Tanggalin ang sumusunod na mga item mula sa Orihinal na Kagamitan (OE) fender (1). Ikabit para sa pagkakabit mamaya sa **bagong** fender:

- Stud plate (2), dalawang turnilyo (nut) (3) at dalawang washer (4) sa harapan ng fender.
- Pansuportang bracket na kabitan ng saddlebag sa fender (5), dalawang turnilyo (6) at dalawang locknut (7) sa likuran ng fender.
- Suporta para sa saddlebag (12).




Figure 1. Tanggalin ang mga Likurang Fender na Item

PAG-ASSEMBLE NG FENDER

TALA

Tapusin ang pagpinta ng likurang fender, fascia at takip ng ilaw ng plaka ng lisensya bago i-assemble.




Figure 2. Ikabit ang Likurang Harness ng Fender

Pagkakabit ng Harness

TALA

- Dapat **pinakamababa na ang 16 °C (60 °F)** na pumapaligid na temperatura para sa maayos na pagdikit ng harness conduit sa fender.
- Maghintay ng **HINDI BABABA** sa 24 na oras pagkatapos ilagay ang harness bago ilantad ang bahagi sa malakas na spray ng tubig o matinding panahon.
- Mas magiging madikit ang adhesive bond pagkatapos ng humigit-kumulang 72 oras sa normal na temperatura ng silid.

- Tingnan ang Figura 2. Linisin ang ilalim ng fender (1) kung saan ikakabit ang harness tulad ng ipinapakita gamit ang may halong 50 porsyentong isopropyl alcohol at 50 porsyentong distilled water. Payagang matuyo nang husto. Huwag gumamit ng mga solvent o matatapang ng kemikal na makakapinsala sa mga pinturadong ibabaw.

TALA

Ang dalawang sangay ng harness para sa likurang ilaw nang walang pandikit na conduit ay mananatiling **nasa labas** ng fender.

- Tanggalin ang stud plate (2) mula sa OE fender.
- Iposisyon ang plate sa loob ng harapan ng fender na nakaposisyon ang channel nang pinakamalapit sa butas para sa kawad.
- Maluwag na i-assemble ang plate sa fender gamit ang mga OE nut (3) at washer (4). Huwag higpitan nang husto.

5. Ikabit ang likurang harness (5) sa ilalim ng fender:

- I-feed ang pangunahing katawan ng harness (na may pandikit na conduit), mula sa labas, papasok sa butas (9) sa harap ng fender.
- Ilatag ang harness sa buong kahabaan ng fender.
- Iposisyon ang harapang dulo ng pandikit na conduit nang mga 64 mm (2 ½ in) mula sa butas na pasukan ng kawad.
- Ilatag ang conduit **na may minimum** na 38 mm (1 ½ in) mula sa gitnang linya ng fender.
- Markahan ang posisyon ng conduit sa fender.

- Simula sa likuran, hatakin ang tab sa harness conduit upang ilantad ang pandikit habang dinidiinan ang conduit sa puwesto sa buong kahabaan ng fender.
- Gumamit ng wallpaper seam roller upang diinan ang conduit nang mabuti sa puwesto.
- Sa harap, kunin ang wire harness sa ilalim ng stud plate.
- Higpitan ang mga turnilyo ng stud plate.

Torque: 6,8–10,9 N·m (60–96 in-lbs) Hex nut

TALA

- Magpatuloy sa pag-assemble at pagkabit ng fender, pero HUWAG hatakin o muling iposisyon ang pandikit na conduit.
- Hayaang matuyo nang lubos ang pandikit nang 72 oras.




Figure 3. Pagkabit ng ilaw ng Plaka ng Lisensya at Bracket

Pagkakabit ng Ilaw ng Lisensya

TALA

May tab ang ilang ilaw ng lisensya (tingnan ang Figure 3 inset, Item 18) na humahadlang sa pagkabit. Tanggalin ang tab bago magpatuloy.

1. Tingnan ang Pigura 3. I-assemble ang ilaw ng lisensya (2) at takip (4) sa bracket ng plaka ng lisensya (1).
2. Higpitan ang mga turnilyo (5).
Torque: 6,4–7,8 N·m (57–69 in-lbs) *Hex socket head screw*
3. Kunin ang stud plate (11) at dalawang foam tape pad (12) mula sa kit.
4. Alisin ang liner sa bahaging may pandikit sa isang panig ng pad.
5. Maingat na iposisyon ang pad sa flange ng stud plate, sa bahagi sa kabila ng mga nut, at diinan nang mabuti sa puwesto.
6. Ulitin ang ikalawang pad sa natitirang flange.
7. Tanggalin ang liner mula sa nakalantad na bahagi ng mga pad.
8. Ipasok ang mga kawad ng lamp (3) sa bracket ng lisensya (1) at butas (10) sa fender (9).
9. Hawakan ang stud plate (11) sa puwesto sa ilalim ng fender.
10. Ikabit nang mabuti ang bracket ng plaka ng lisensya (1) sa stud plate gamit ang mga washer (8) at turnilyo (5).
11. Higpitan nang maigi ang mga turnilyo.
12. Ipasok ang mga kawad ng lamp ng lisensya sa two-way socket housing (14). Tingnan ang manwal ng serbisyo.
13. Ikabit nang mabuti gamit ang pangalawang lock (15).
14. I-plug ang two-way pin housing sa likurang harness sa saksakan ng ilaw ng lisensya [45B].
15. Ikabit ang takip ng konektor ng lamp ng lisensya (16).
16. Ikabit nang mabuti gamit ang flange nut (17). Higpitan.
Torque: 3,4–5,1 N·m (30–45 in-lbs) *Hex flange nut*
17. Ikabit ang wire harness gamit ang clip sa loob ng fender.
18. Ikabit ang reflector at bracket assembly (7) tulad ng ipinapakita.

Pagkabit ng Gitnang Stop/Tail Lamp (Kung Mayroon)

Ikabit ang **bagong** gitnang stop/tail lamp mula sa kit (59500245A). Tingnan ang manwal ng serbisyo.

Pagkabit ng Likurang Fascia

1. Tingnan ang Pigura 1. Magkabit ng **bagong** boss na pangkabit sa fender (11), mula sa loob, papasok sa isa sa apat na butas sa gilid ng fender.
2. Maglagay ng washer (10) sa mga rosкас ng boss at ikabit gamit ang turnilyo (nut) (9). Higpitan.
Torque: 20,3–27,1 N·m (15–20 ft-lbs) *Hex nut*
3. Ulitin para sa mga nalalabing tatlong butas.
4. Tingnan ang Pigura 4. Tanggalin ang liner mula sa bahaging may pandikit ng 44.5 x 19 x 1.6 mm (x in) na rubber pad (2).
5. Iposisyon ang pad sa gitna ng fascia (1), sa ibaba lang ng slot tulad ng ipinapakita, at diinan nang husto sa puwesto.
6. Iposisyon ang fascia sa ilalim ng likurang gilid ng fender.
7. Ipantay ang tatlong butas sa bawat gilid ng fascia gamit ang mga pantugmang butas sa fender.
8. Ipasok ang tatlong stud ng stud plate (3), mula sa ilalim ng fender, papasok sa mga butas ng fender at fascia sa kabilang panig.
9. Ikabit ang pansuportang bracket ng fascia (stiffener plate, 4) sa ibabaw ng mga stud.
10. Maluwag na ikabit ang tatlong flange nut (5) sa mga rosкас ng stud.

TALA

- **Mga U.S. model lang:** Magkakatulad ang mga LED lamp na nakakabit sa Fascia.
- **Mga internasyonal na modelo:** Partikular sa gilid (side-specific) ang mga LED lamp na nakakabit sa Fascia. Ang label sa likuran ng kaliwang bahagi na lamp ay minarkahan ng “KALIWA”. Ang kanang bahagi na lamp ay minarkahan ng “KANAN”.

Tanggalin ang blue film mula sa mukha ng lente **bage** ikabit ang mga lamp sa fascia.

11. Maluwag na ikabit ang kabilang panig ng fascia gamit ang natitirang stud plate, pansuportang bracket at mga flange nut.
12. Hali-haliling higpitan ang bawat flange nut.
Torque: 3,4–5,1 N·m (30–45 in-lbs) *Hex flange nut*
13. Ikabit ang likurang fascia lamp (6) sa tamang panig na opening sa fascia mula sa likod.
14. I-fasten gamit ang tatlong itim na #10 TORX® na turnilyo (7).
15. Hali-haliling higpitan ang bawat turnilyo.
Torque: 1,6–2,1 N·m (14–18 in-lbs) *TORX na pan head na turnilyo*
16. Ulitin para sa nalalabing fascia lamp.




Figure 4. Pagkabit ng Likurang Fascia

Pag-relocate ng Antenna sa mga Modelong FLHX at FLHTRX

1. Tingnan ang Figura 5. Alisin sa pagkakakonekta ang kable ng antenna mula sa assembly ng base ng antenna.
2. Alisin ang pagkakaturnilyo ng antenna mast mula sa base ng antenna.
3. Tanggalin ang pang-ibabang locknut.
4. Tanggalin ang base ng antenna mula sa pang-mount na bracket.
5. Tanggalin ang dalawang turnilyo at lockwasher habang pinapanatili ang pang-mount na bracket ng antenna.
6. Tanggalin at itapon ang anumang strap ng kable na nagtatali ng kable ng antenna sa suporta sa fender at mga pansuportang bracket sa likuran ng saddlebag.
7. Tingnan ang Figura 5. Iposisyon ang **bagong** bracket ng antenna (30) malapit sa mga suporta ng fender at ikabit ang bracket sa mga suporta ng fender:
 - a. I-assemble ang thin washer (37) sa mga rosкас ng turnilyo.
 - b. Ikabit ang mga turnilyo (36) at washer (37) papasok sa bracket ng antenna mula sa likod.

- c. Tingnan ang Figura 5. I-slide ang mga spacer (34 at 35) sa mga rosкас na nakalawit mula sa bracket. Pansinin ang haba ng mga spacer.
- d. Ihanay at ikabit ang bracket na ito at fastener assembly sa suporta sa fender. Higpitan.
Torque: 20,3–27,1 N·m (15–20 ft-lbs) *Fastener assembly*
8. Ikabit ang tooth lockwasher (32) mula sa kit sa mas malalaking rosкас ng base ng antenna (31) sa ilalim ng hex nut (33).
9. Ipasok ang base ng antenna sa butas ng pang-mount na bracket ng antenna.
10. Ikabit ang pangalawang hex nut (33) sa mga rosкас ng base ng antenna.
11. Ilagay ang lyabe sa itaas na turnilyo (nut) at higpitan ang ibabang turnilyo (nut).
Torque: 8 N·m (6 ft-lbs) *Ibabang turnilyo (nut)*
12. Isaksak ang konektor ng kable ng antenna sa base ng antenna.
13. Higpitan ang knurled na turnilyo (nut) upang makabit nang husto ang konektor sa base ng antenna.
14. Hayaang lumundo ang kable sa base ng antenna upang maiwasan ang pagpulupot o pagbibigkis sa koneksyon.
15. Ikabit ang kable ng antenna sa support bar ng fender gamit ang strap ng kable.
16. Gumamit ng pangalawang strap ng kable upang itali ang kable ng antenna (FLHX na mga modelo, sobrang mga kawad para sa likurang fascia lamp) sa rail ng batarya, malapit sa mga linya ng hangin ng suspensyon, sa ilalim ng pinturadong takip.
17. HUWAG itali ang kable sa mga linya ng hangin.
18. Maayos na iroskas ang assembly ng antenna mast sa base ng antenna (31).

PAGKAKABIT NG FENDER

TALA

- Ang tulong ng isang assistant ay nakakapagpadali sa paglagay ng fender sa motorsiklo.
 - Protektahan ang mga ibabang gilid ng fascia sa ilalim ng mga tail lamp gamit ang tape upang iwasang masira ng mga muffler ang pintura habang kinakabit ang fender.
1. Maingat na igulong ang **bagong** fender sa posisyon sa pagitan ng mga rail ng batarya sa likuran.
 2. Tingnan ang Figura 5. Kumuha ng apat na 5/16-18 x 25.4 mm (1 in) na mahabang turnilyo na pang-mount sa fender (5) mula sa kit.

3. Maluwag na ikabit ang turnilyo papasok sa rail ng batalya sa likod papasok sa pinakalikurang boss na pangkabit sa fender sa bawat gilid.
4. Ihanay ang mga butas sa pag-mount sa harap.
5. Maluwag na ikabit ang mga natitirang turnilyo papasok sa rail ng batalya papasok sa boss na pangkabit sa pangharap na fender sa bawat gilid.
6. Kumuha ng dalawang 5/16-18 x 25.4 mm (1 in) na mahahabang turnilyo na pang-mount ng fender at flanged locknut na itinabi kanina.
7. Ikabit ang mga turnilyo, **mula sa harap**, papasok sa mga butas sa pag-mount sa ibabang likuran ng suporta sa saddlebag at pansuportang bracket para sa pagkabit ng saddlebag sa fender.
8. Maluwag na ikabit ang mga flanged locknut sa mga roska ng turnilyo.

TALA

Mga FLHX na Modelo: Ang electrical caddy ay dapat na luwagan para pahintulutan ang harness connector na magkasya.

9. Idaan ang harness leg kung saan nasa pagitan ng harapan ng fender at ng **kaliwang bahagi** ng suporta sa fender ang gray na four-way connector.
10. I-plug ang konektor [18] sa kaliwang bahagi ng fascia lamp.
11. Idaan ang harness leg na nasa pagitan ng harapan ng fender at ng **kanang bahagi** ng suporta sa fender ang itim na four-way connector.

12. I-plug ang konektor [19] sa kanang bahagi ng fascia lamp.
13. Hali-haliling higpitan ang apat na turnilyong pang-mount sa fender.
Torque: 20,3–27,1 N·m (15–20 ft-lbs) **TORX** na pan head na turnilyo
14. Ikabit ang likurang shock absorber air hose sa air valve assembly sa kaliwang bahagi.
15. Tingnan ang Figura 1. Ikabit ang mga suporta sa saddlebag (12).
16. Maluwag na ikabit ang grab strap ng pasahero.
17. Tingnan ang Figura 5. Gumamit ng clip (7) mula sa kit upang ikabit ang isang harness leg sa slot para sa clip sa ilalim ng bawat suporta sa saddlebag.

PAGKUMPLETO

TALA

Upang maiwasan ang posibleng pagkasira ng sound system, tiyaking naka-OFF ang ignisyon **bago** ikabit ang pangunahing fuse.

⚠ BABALA

Upang maiwasan ang aksidenteng pag-andar ng sasakyan, na maaaring magdulot ng kamatayan o malubhang pinsala, alisin ang pangunahing fuse bago magpatuloy. (00251b)

1. Ikabit ang pangunahing fuse. Tingnan ang manwal ng serbisyo.
2. Tiyakin na ang lahat ng mga ilaw ay maayos na gumagana bago gamitin ang motorsiklo.

MGA PAMALIT NA PIYESA

289919




Figure 5. Mga Pamalit na Piyesa, FL Touring CVO-Style na Likurang Fender na mga Kit

MGA PAMALIT NA PIYESA

Talahanayan 1. Mga Pamalit na Piyesa

Item	Paglalarawan (Dami)	Numero ng Piyesa
1	Fender (Tapalodo), likuran (Prime na pintura, walang butas para sa panggitnang tail lamp) (kit 59500246A) Fender (Tapalodo), likuran (Prime na pintura, walang butas para sa panggitnang tail lamp) (kit 59500245A)	60463-09A 60472-09A
2	Boss, pangkabit ng fender (4)	59786-01
3	Washer, pangkabit ng fender (4)	59788-01
4	Hex nut, 1/2-13 (4)	7880
5	Turnilyo, pan head TORX, self-tapping, 5/16-18 x 25.4 mm (1 in) ang haba (4)	3684
6	Cushion, suporta sa saddlebag (2)	11100068
7	Clip (6) (kit 59500246A) Clip (2) (mga kit na 59500245A, 59500470)	69200313
8	Spacer, goma, may pandikit sa likuran, 44.5 x 19 x 1.6 mm (x in)	11891
9	Fascia, likurang fender (hindi pinturado) (mga kit na 59500246A, 59500245A)	59500107
10	Stud plate (2)	59500018
11	Pansuportang bracket ng fascia (2)	67900185
12	Malaking flange na turnilyo (nut), 1/4-20 (7)	7499
13	LED Stop/Tail/Turn Assembly, Pulang Lens (kit 59500245A o 59500246A) LED Stop/Tail/Turn Assembly, Amber Lens, Kanan (kit 59500470) LED Stop/Tail/Turn Assembly, Amber Lens, Kaliwa (kit 59500470)	67800201 67800203 67800204
14	Turnilyo, pan head TORX, itim, #10 x 12.7 mm (0.5 in) ang haba(6)	3152
15	Bracket, plaka ng lisensya	67900233
16	Takip, ilaw ng lisensya (hindi pinturado) (mga kit na 59500246A, 59500245A)	60934-10
17	Turnilyo, 1/4-20 x 19mm (0.75 in) (4)	940
18	Ilaw, plaka ng lisensya	60920-09
19	Socket housing, 2-way, itim	74112-98BK
20	Pangalawang lock	74152-98
21	Gasket, pang-itaas na plaka ng lisensya	67900232
22	Stud plate	59840-09
23	Takip ng pangkonekta	60916-09
24	Foam pad, may pandikit sa likod, bracket ng plaka ng lisensya (2)	11100008
25	Reflector at bracket assembly	67900244
26	Washer (2)	6119
28	Clip, may pandikit sa likod (2)	10102
29	Harness, ilaw sa likuran (kit na 59500246A) Harness, ilaw sa likuran (mga kit na 59500245A, 59500470)	69200720 69200719
30	Bracket ng antenna, likuran	76555-09
31	Assembly ng base ng antenna (kasama ang mga item na 32-33)	76335-87
32	• Lock washer	7129
33	• Nut (2)	76259-86
34	Spacer, antenna, harapan	12400091
35	Spacer, antenna, likuran	12400092
36	Turnilyo, button head TORX, 5/16-18 x 41.3 mm (1.62 in) ang haba, Grade 8 (2)	3148
37	Flat washer (2)	6702
Mga item na ginagamit sa mga kit na 59500245A at 59500470 lamang:		
38	Assembly ng ilaw, tail lamp (kasama ang mga item 39-44)	68142-04
39	• Mga lente, tail lamp (kasama ang item 40)	68558-03
40	• Turnilyo, tail lamp (2)	68026-99
41	• Bumbilya at socket assembly, tail lamp (kasama ang mga item 42-44)	69187-03A
42	• Bumbilya, tail lamp, wedge mount	68167-04
43	• Housing ng Socket, four-way	73154-96BK
44	• Terminal ng socket, #16-20 AWG (3)	73191-96
45	Assembly ng base ng tail lamp (kasama ang mga item 46-47)	68066-99A
46	• Base ng tail lamp (chrome)	68296-99A
47	• Circuit board at takip	68830-99A
48	Turnilyo, socket head, 1/4-20 x 16 mm (5/8 in) ang haba	3022A
49	J-nut	7964

Talahanayan 1. Mga Pamalit na Piyesa

Item	Paglalarawan (Dami)	Numero ng Piyesa
A,C	Mga kit na 59500245A, 59500470	
B	Kit na 59500246A	